

1

He had called her Margaret the first time they had met. Sa pagkakaalala niya, iyon ang una at tanging pagkakataon na tinawag siya ni Nicholas sa kanyang first name.

Sampung taong gulang siya noon.

Summer noon, walang pasok sa school, at abala siyang nagbubunot ng mga damo sa hardin. Kakaunti pa lang ang naalis niya nang may naramdaman siyang kakaiba, na parang may nanonood sa kanya.

Luminga-linga si Margaret sa paligid. Wala siyang nakita kaya nagpatuloy siya sa ginagawa. Pero hindi nawala ang pakiramdam niya na parang may nagmamasid sa kanya. Muli siyang luminga. Napatingala siya nang bahagya. Saka niya napansing may natutulog na lalaki sa puno ng mangga. Ito kaya ang nanonood sa kanya?

Pinagmasdan niya ito nang ilang sandali. Mahaba ang mga binti kaya mukhang matangkad ito. May nakatakip din na sombrero sa mukha nito. Siguro para hindi ito masilaw sa araw. O para ba hindi niya ito makilala? Para hindi siya makahalata

na pinanonood siya nito?

Wala namang nasabi si Tatay na may darating na mga bisita sa malaking bahay, naisip niya.

Lumaki si Margaret sa property na iyon. Pamilya nila ang caretaker ng lupa, ng hardin at ng malaking bahay. Kaya nga heto siya ngayon at nagbubunot ng damo.

Para sa mga pamilya na tulad nilang matagal nang nagsisilbi sa mga del Lupo, there also was one duty above all else: loyalty.

Nang hapong iyon, batid ni Margaret na may kinalaman sa loyalty na iyon ang ideya na dapat niyang protektahan at pangalagaan ang pag-aari ng mga del Lupo laban sa mga magnanakaw at trespassers—tulad na lamang ng lalaking natutulog ngayon sa sanga ng puno ng mangga.

Hindi ba nito narinig ang mga tsismis bago ito nagtungo sa lugar na ito? Hindi ba nito nabalitaan ang usap-usapan na misteryoso ang mga nakatira sa malaking bahay? Na may mga taong-lobo na gumagala sa paligid? Na werewolves ang mga nakatira sa bayang iyon?

Malakas siguro ang loob niya, isip ni Margaret.

Pero paano ito nakalagpas sa mga guwardya sa border ng property? Paano ito nakapasok doon?

Tinantya ni Margaret ang sitwasyon. Walang ibang tao sa hardin at sa bahay maliban sa kanya. Lahat ng matatanda, nasa taniman.

Kung saka-sakali, isang beses lang siya makatatakbo at makahihingi ng tulong. Iyon ang dapat niyang gawin—ang makatakbo sa bukid. O sa isa sa mga guwardya. Pero paano niya gagawin iyon nang hindi siya nahahalata ng lalaki?

Di hamak na mas malaki ito kaysa sa kanya. Posibleng maabutan siya nito kapag tumakbo siya. Posible. Pero malabong mangyari—dahil taong-lobo siya at tao lang ito. Gayunman ay posible pa rin. Kaya mabuti na rin iyong handa siya.

And there was another advantage on her side: the element of surprise.

Lumuhod siya. Dahan-dahan. Maingat na maingat. Pigil-hininga, nangangambang baka magising ang lalaki. Pumulot siya ng mga bato. Isinuksok niya ang mga iyon sa kanyang bulsa, nagkasya ang tatlo. Pagkatapos, tumayo siya at naghanap ng puwesto kung saan kitang-kita pa rin niya ang lalaki at kung saan makakatakbo siya

agad papunta sa taniman o sa guard house, sakaling pumalpak ang plano niya.

Dumukot siya ng isang bato. Saglit siyang pumikit, pagkatapos ay inihagis iyon nang malakas na malakas. Ang ulo ng natutulog na trespasser ang puntirya niya.

Tatama, tatama, tatama, bulong niya sa sarili.

Laking gulat niya nang masalo ng isang kamay nito ang bato. It stopped, only inches away from hitting the man in the face.

Ganoon ba kabilis ang reflexes ng estrangherong iyon?

Baka talagang mahina akong maghagis ng bato kaya nasalo niya, naisip ni Margaret; unwilling to entertain the thought any further. Ni hindi gustong isipin na tinapatan ng isang simpleng tao ang lakas niya.

Nalaglag ang sombrero. Pero hindi pa rin masyadong makita ni Margaret ang mukha ng trespasser dahil sa buhok nito. Ang alam niya lang, hindi pa ito kasing-tanda ng tatay niya. Pero hindi rin kasing-edad ng mga naglalaro ng basketball sa plaza.

Is he a teenager?

Para kay Margaret, matanda na ang teenager. Nakakapunta at nakakauwi na ang mga teenagers mag-isa galing sa school, kahit walang sundo. Nakakapasok sila sa mga sinehan kahit walang kasamang matanda. Oo, matanda na nga ang mga teenagers.

“Well, well. Unang araw sa probinsya and already, someone’s trying to kill me. How exciting,” sabi nito. Ngumiti ang teenager sa kanya. Despite her unease, she felt rude for disturbing his sleep. Teka nga, bakit siya ang rude? Hindi siya ang trespasser at nakikitulog sa puno ng iba—

Initsa nito sa isang tabi ang bato.

Margaret watched his every move. Kaswal ang pagbato. Walang tensyon. Walang pagkainis o pagkayamot. Mukhang hindi ito nagalit sa ginawa niya. Good.

Ang bad news? Mukhang wala rin itong balak na umalis. Na ipinagtaka ni Margaret. Sa pagkakaalam niya, kapag nahuhuli ang mga magnanakaw o trespasser, iisa lang ang priority ng mga ito: ang makatakas agad. Iyon ang sabi ng tatay niya.

Ngayon lang siya nakakita ng kriminal na parang walang balak umalis at mukhang gusto pang

makipagkuwentuhan sa kanya. Halatang hindi ito natatakot na mahuli ng mga guwardya o mapapulis.

Naramdaman niyang sinusukat siya nito ng tingin. Tinatantya siya. Tumaas ang balahibo ni Margaret.

“Excuse me, Sir,” umpisa niya, pasimpleng gumagapang ang isang kamay palapit sa kanyang bulsa.

“Sir, is it?” Tumatawa itong lumundag mula sa puno.

Maliksi ang teenager. Hindi man lang nito kinailangang yumakap sa katawan ng puno at dumausdos pababa para makatapak sa lupa—na siyang gawain ni Margaret tuwing bumababa siya ng mga puno. Siguro dahil mas mahahaba ang binti nito kaysa kanya.

Naalala niya sa kilos nito ang isang documentary na napanood niya. Tungkol sa predators ang episode, at kung paano naghahanap ng pagkain ang mga ito.

Nakangiti pa rin ang lalaki sa kanya. Alam kaya nito na inihahanda niya ang bato sa kanyang bulsa?

Kung oo, ibig sabihin, hindi siya natatakot sa akin, kinakabahang naisip niya.

Mabilis ang lalaki. Maliksi. Baka wala siyang magawa sakaling may balak itong masama.

Aaminin na niyang mas maabilidad ito sa kanya. Hindi siya makakalayo rito, hindi siya makahihingi ng saklolo. Hindi niya maipagtatangol ang property ng mga del Lupo, at lalo na ang sarili niya mula rito. Kung tatakbo siya, hahabulin siya nito. Maaabutan siya. Pero iyon naman ay kung may balak lang itong masama...

Kumapal ang kaba sa kanyang dibdib. Pasimple at kaswal siyang umatras.

Kaya ko 'to. Tao lang siya. Taong-lobo ako, sabi ni Margaret sa sarili.

Atras. Atras. Isa. Dalawa. Dahan-dahan. Maingat na maingat. Atras pa.

Pero sumunod lang din ang lalaki. Ang mga pag-atras niya, inisa o dinalawang hakbang lang yata nito palapit. Para silang nagpapatintero. Ang makakatakas, buhay. Ang makakatakas, panalo.

Kanina pa niya ito kaharap pero hindi pa rin niya masyadong makita ang mukha ng lalaki. Mahangin sa paligid. Kaya panay ang hampas ng kulot at mahabang buhok ng estranghero sa pisngi at noo nito.

Naku, paano niya ito isusumbong sa mga guwardya kung hindi niya ito mailarawan?

Kaya nang saglit na hawiin ng hangin ang buhok nito, talagang tinandaan ni Margaret ang kanyang nakita— matangos na ilong, bilugang mga mata. May hitsura ito. Sabagay, hindi naman lahat ng predator pangit. Ayon nga sa documentary, ang mga leon at tigre raw ay may savage beauty.

“Ano’ng pangalan mo?” nakangiting tanong nito.

“Margaret, Sir.” Naisip niyang kapag tinawag niya itong ‘Sir’ ay ipapalagay nitong may paggalang siya para rito. Sa gayon ay hindi nito maiisip na gagawa siya ng masama.

“I’m happy to meet you, Margaret Sir,” bati ng teenager.

“Margaret lang po, Sir.”

“Margaret—no, Maggie. I think mas bagay sa ’yo ang Maggie.” Pagkasabi niyon, mas lumawak pa lalo ang ngiti nito sa kanya.

“Margaret, Sir,” sagot niya, pagkatapos ay dinukot at inihagis ang bato sa direksyon nito.

Sa pagkakataong iyon, ang paa nito ang tinarget niya. Then, she whirled around to run, thinking

she had enough headstart dahil may tama na ang teenager sa paa.

Laking gulat niya nang lumitaw ito sa harap niya. Kung hindi pa siya biglang huminto, baka napasubsob siya sa tiyan nito. Lalong kumapal ang kaba sa dibdib niya. Paano niya ba matatakan ang taong ito? At tao ba talaga ang kaharap niya ngayon?

Sa isang iglap, nawala ito sa harap niya. Napamulagat nang husto si Margaret sa tindi ng takot, sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Hindi siya makapaniwala. Nilukuban na siya ng kilabot. All this time, inisip niyang tao ito. Mas malaki at mas mabilis sa kanya, but *human*.

At the age of ten, she was not the strongest of werewolves. Nagsasanay pa lamang siyang kumilos nang mabilis. Hindi pa nga siya nakakapag-anyong lobo dahil wala pa siya sa hustong gulang, sabi ng nanay niya.

Kahit nga amoy o scent ng kaharap, hindi pa niya makilala. Basic tracking skills iyon para sa mga aso, sa mga taong-lobo na tulad nila. Pero tila hindi para sa kanya. Mabagal ang paghubog ng kanyang mga kapangyarihan.

Inisip pa naman niyang makakatakbo siya,

makakatakas. Iyon pala, kung nagkataon ay wala siyang kalaban-laban.

Mariin siyang napalunok. Puno na ng malamig na pawis ang kanyang balat sa noo, sa likod, sa mga palad. Umakyat na sa lalamunan niya ang kanyang puso. Nauunawaan niya ang lala at lubha ng panganib na kinakaharap niya ngayon. Kung hindi ito tao, hindi na mahalaga kung makakatakas pa siya o hindi. Kumabog nang malakas ang puso niya. In a matter of seconds, she could be dead.

“*Sir?*” Nang-uuyam ang tinig na iyon buhat sa kanyang likuran. “Lahat ba ng binabato mo tinatawag mong ‘sir’, ha, Maggie?”

2

Sumabog ang takot sa mundo ni Margaret. Isang bagay na lang ang nasa isip niya: ang makatakas nang buhay.

Tumakbo siya. Her eyes were wide with fear, her pulse racing. Pero bago pa siya makalayo, bago pa siya makasigaw, nasa harap na niya itong muli. Umakyat na ang dugo sa ulo niya. Hindi na siya makahinga.

Ito ba 'yun? Ito ba 'yung sinasabi nilang bloodlust?
isip ni Margaret.

Para sa mga tulad niya, ang mga nag-aanyong taong-lobo nang walang kontrol, nang wala sa tamang pag-iisip, ay dumadaan sa bloodlust. Ang bad news, halos lahat ng dumadaan doon ay nababaliw. Mahirap nang bumalik sa normal ang isang taong-lobo na nagpalit ng anyo na dumaan sa bloodlust. Wala pang nakababalik mula sa bingit ng kabaliwan na dala niyon. At sa malas niya, at ten years old, mukhang iyon ang sasapitin niyang kapalaran.

So much for being a late bloomer...

Makapagpalit man siya ngayon ng anyo, katinuan

naman niya ang kapalit. Mainit ang kanyang mga mata. Nagsisikip ang kanyang dibdib. Nauubos ang hangin sa paligid.

Hindi niya halos marinig ang malamyos na boses ng lalaki.

Stop, Maggie. Stop! Tama na. Huwag kang matakot. Tama na!

Diniinan ng lalaki ang pulso sa batok ng batang si Margaret. Ilang sandali lang, wala na itong malay.

Binuhat niya ito, pinagmasdan ang mga galos sa gilid ng maamo at musmos nitong mukha, ang mga sugat sa braso at lalamunan. Itinapat niya ang mga kamay sa mga galos at sugat ni Margaret. Naghilom ang mga iyon sa ilalim ng liwanag na nabuhay sa kanyang mga palad.

Mas bagay sa 'yo ang Maggie.

Nagising si Margaret sa lilim ng puno ng mangga. Wala na ang lalaki. Nagtagumpay ba siya sa pagtataboy rito? Tumingin-tingin siya sa ibang puno sa paligid. Baka naman lumipat lang iyon ng sanga. Ngunit hindi na niya ito nakita. Wala na ito

kahit saan.

Habang pauwi siya, inisip niya kung sasabihin ba niya sa mga magulang ang tungkol dito. Mukhang wala naman itong ninakaw o ginawang masama. Ewan niya kung bakit hindi niya gustong mapahamak ito.

Sa mura niyang pang-unawa, iniisip niyang ang kasalanan lang naman nito ay ang makitulong sa puno ng iba. Sa huli, nagpasya na lang si Margaret na huwag nang magsalita sa kahit sino tungkol sa nangyari.

Tama, wala siyang sinumang pagsasabihan tungkol doon.

Gusto na niyang umuwi kaagad. Masakit ang ulo niya. At lalamunan. At likod. Natuyuan siguro siya ng pawis nang maidlip. Parang magkakasakit siya.

Pati tiyan niya, masakit. Nagugutom na yata siya. Gaano katagal ba siyang nasa lilim ng puno ng mangga? At ano ang nangyari pagkatapos niyang batuhin ang lalaki? Bakit hindi niya maalala?

Dumerecho siya ng uwi para makapagpahinga agad.

Kinahapunan, nagkuwentuhan ang matatanda. Ang lolo niya, kasama ang kanyang mga magulang, gayundin ang tita niya. Dumating daw kaninang hapon ang isang anak ng mga del Lupo.

“Dumaan kanina ’yung bunsong lalaki nila, si Nicholas.”

“Ah, ’yun. Napakapilyo niya n’ung bata...”

“Naku, ngayon malaki na. Diez y ocho años na. Binata na...”

Dahil pagod at inaantok, hindi pansin ni Margaret ang usapan ng matatanda. Wala siyang pakialam sa tsismis at lalong wala siyang pakialam kung tungkol iyon sa lalaking anak ng mga del Lupo. Malayo ang mga ito sa mundo niya. At sa antok niya ngayon, duda niya kung may maiintindihan siya sa usapan kahit makinig pa siya.

Pumasok na siya sa kuwarto at natulog.

Kinabukasan, maaga pa lang ay napabalikwas na siya sa kama.

Naku! sigaw niya sa isip.

Naihagis ni Margaret ang kumot niya sa pagmamadali. Nagbihis siya agad at patakbong lumabas ng bahay. Humihingal niyang tinahak ang

daan patungo sa hardin ng malaking bahay. Hindi nga pala niya natapos kahapon ang pagbubunot ng mga damo.

Kapag nakita ng tatay niya ang lagay ng bakuran, patay siya. Mapapagalitan siya kapag nagkataon.

Pero malinis na ang bakuran nang balikan niya iyon. Naupo na lang muna si Margaret sa lilim ng puno ng mangga, nagtataka pa rin at nag-iisip.

Natapos ba siyang maggamas kahapon at nakalimutan niya lang?

Sumandal siya sa katawan ng puno. Ilang minuto na siyang nakatanaw sa langit, sa mga ulap, bago niya napansin ang piraso ng papel na nakatali sa sanga.

Inakyat niya iyon. Nang buksan niya ang papel:

Hello, Maggie!

Huwag kang mag-alala, binunot ko lahat ng mga damo para sa 'yo. I'm sorry I scared you. Ipinaggamas kita habang natutulog ka kahapon. So, now we're even.

P. S.

*Sa susunod na magkita tayo, who knows?
Ako naman ang magbibigay ng pangalan ko.*

That whole summer, tuwing mapapatingin si Margaret sa puno ng mangga, parang naririnig din niya ulit ang mga tawa at halakhak ng lalaking nahuli niyang natutulog sa sanga.

Dumating ang panahong nagtatrabaho na si Margaret.

Noong una ay bilang intern sa isang provincial branch ng *del Lupo Conglomerate*. Hindi nagtagal ay naging full-time employee siya sa opisina, production assistant.

She learned the ropes. Kung paano mag-type nang mabilis, sumagot sa emails at tawag ng mga kliyente, gumamit ng devices gaya ng fax, scanners, video phones. Nasubukan niyang magtrabaho sa iba't ibang departments: sa legal—nag-asikaso ng mga kontrata; sa marketing—nag-ayos ng ad campaigns. All-around skills training ang ginawa niya.

Noong isang beses, dahil sa isang high-priority meeting kung saan buong management

committee ng branch nila ang inaasahang present and accounted for, inutusan si Margaret ng kanyang immediate superior na mag-serve ng kape, magbigay ng additional technical assistance sa mga bosses na magbibigay ng reports. Sinabihan din siyang maging presentable sa meeting.

Pagdating niya sa conference room, halos lahat ng naroon—supervisors, managers, at executives na nakapalibot sa round table—ay halatang kabado.

“Darating raw si...”

“He’ll be checking the reports personally.”

“He’s the current marketing director. Medyo bata. Twenty-four pa lang...”

“He’d already put many competitors out of the business. Very ruthless...”

“A brilliant strategist.”

“Magaling pala talaga.”

That explains it, naisip ni Margaret.

Mukhang may VIP na darating kaya parang ka-level ng state of calamity ang panic ng mga tao sa buong opisina. Pero gaano ba ito kagaling para buong management team ay magkumahog at mataranta

nang ganito?

“May killer instinct pati sa chicks.”

“Di ba girlfriend niya ’yung dating model ng...”

“Oh? Mas maganda ’yung bagong model ngayon ng...”

“Ex-gf naman niya ’yun...”

Kung pagbabasehan ni Margaret ang mga tsismis, mukhang kung gaano kagaling ang pinag-uusapan sa negosyo ay gayundin ito katindi sa mga babae.

What a waste of time, naisip niya.

Ano ngayon kung sinuman ang girlfriend o dating girlfriend ng boss nila? Kasama ba sa resumé ng isang tao ang pangalan ng prominent na taong naging karelasyon nito?

Nagpatuloy ang pagtsitsismisan; hindi niya iyon pinansin. Hard to believe, tao man o werewolf, pareho lang pagdating sa tsismis. Tao man o taong-lobo, gusto pa ring makarinig at magkalat ng tsismis—basta tungkol sa iba.

Umupo siya sa dulo, malapit sa projector, malayo sa mga nagtsitsismisan.

Bumukas ang pinto. Everyone turned to look at

the doorway. There stood the marketing director.

Matangkad ito. At nakatali ang buhok na mukhang hanggang balikat nito. Hindi ito masyadong makita ni Margaret dahil nakatalikod ito sa pinanggagalingan ng ilaw. But there was something familiar about the way he stood. And moved. And walked.

Napaka-leisurely, napaka-relax nitong maglakad. Parang hindi nito alam ang concept ng 'rush' o 'urgent' o 'now na'.

Nang matapat sa liwanag ang mukha nito, napatingin si Margaret sa big boss nila. At nagulat siya nang makita muli ang lalaking natutulog sa itaas ng puno na hinagisan niya ng bato sa ulo ilang taon na ang nakakaraan.

3

The first time she saw him, he was still a teenager. Looking at him now, he still possessed the same big eyes, straight nose, high cheekbones, wild hair, high forehead, long legs. Hindi pa rin nagbabago ang mga labi nito na pilyong ngumiti sa kanya noon.

Ang pagkakaiba lang ng lalaki sa harap niya ngayon sa lalaking naaalala niya noon ay ang facial hair nito. May stubble ito ngayon, under his chin and along his jawline. Pero hindi ito maruming tingnan. Pareho lang ng appeal ng bidang aktor sa *Iron Man*, the genius and playboy billionaire. For Margaret, the last was a quality the two men had in common.

Still, attractive or not, he was the last person she expected to see. Lalo na kung iisipin ang mga nangyari noong huli silang magkita.

Hindi kaagad na-realize ni Margaret na napanganga pala siya, kung hindi pa niya nakita ang nagtatakang tingin ng kanyang immediate superior. Isinara niya agad ang bibig at kunwa'y umubo nang bahagya para itago ang kaba.

Ano ang gagawin niya? Magtatago ba siya?

Naalala kaya siya nito? Kung paano niya ito binato? Hindi naman siguro ito isip-bata para balaking gumanti.

Isa pa, ilang taon na ang dumaan. Kung gaganti ang lalaki, di ba dapat dati pa? At hindi ito mag-iwan ng sulat para sabihing quits na sila.

Pero ano'ng malay niya?

Di ba nga, wala namang time limit ang paghihiganti? Kaya nga laging revenge plots ang ipinapalabas sa mga drama series. Anim na taon man o walo o sampu, laging nakakabalik ang mga bida/kontrabida para bumawi o maghasik ng lagim.

Oh, my.

Bida ba o kontrabida ang nasa harap niya?

On the verge of a breakdown na si Margaret.

Normally, hindi siya ganito kanerbyosa. Pero sa isiping baka madamay ang pamilya niya sa nangyari noon ay talagang nagdudulot ngayon ng alalahanin sa kanya. Malay ba niyang ang anak ng mga del Lupo at ang lalaking binato niya nang dalawang beses ay iisa?

Sandali na lang at uupo na si Nicholas del Lupo sa kabisera. Malapit dito ang puwesto niya. Wala

naman siyang puwedeng lipatan na ibang upuan. At kahit anong yuko ang gawin niya, kahit itakip pa niya ang folder sa mukha niya, imposibleng makapagtago siya indefinitely. Sooner or later, makikita rin siya nito.

Here goes, anang isip niya. Tensyonado na lahat ng muscles niya sa katawan.

One. Two. And...

Nothing. Nada. Walang nangyari.

Bahagyang nakipag-eye contact lang si Nicholas sa lahat ng mga empleyado sa silid.

Pagdating sa kanya, isa o dalawang segundo lang ang itinagal ng eye-contact nila bago ito nagpatuloy.

He smiled at everyone present, professionally, if not impersonally. And it was an impersonal, professional smile he gave her as well before he moved past her.

Well. Good. Mabuti.

Mukhang hindi naman siya nakilala nito. Sayang lang ang pagha-*harakiri* ng mga nerves niya kanina.

Nakahinga nang maluwag na saglit siyang napapikit. Nang simulan ni Nicholas ang meeting,

hawak na niya ang soft copy ng files na ipe-present sa meeting.

Hanapbuhay mode muna, sabi niya sa sarili.

Hindi man siya nakilala ng binata, panay naman ang hingi nito ng technical assistance niya. Sa buong meeting na iyon, kung anu-ano ang iniutos nito.

“Can you get the Luchesi file on-screen?”

“Please pull up the map for this area...”

“Show page 5 of the document...”

Buong panahong perfunctory siyang kumikilos, pina-process ni Margaret ang mga nangyayari sa utak niya.

Nicholas del Lupo.

Ngayon alam na niya ang pangalan ng trespasser. Natupad nga ang sinabi nito noon, na malalaman niya ang pangalan nito sa susunod na magkita sila. He didn't exactly introduced himself. Then again, hindi naman na kailangan.

Inutusan din siya ng ibang visiting managers at supervisors. At one point during the meeting, sinita siya ng isang lalaki—also a manager, sa tingin niya—

dahil mabagal daw siya kumilos.

Sinabi niya rito na ang laptop at hindi siya ang mabagal. The file was taking its time to load. Any move to rush that would be completely useless. And that they could only wait. Namula ang lalaki.

Power tripper, naisip ni Margaret. Mukhang kasing-pangit ng report ng lalaki ang ugali nito.

Nang mapalinga siya kay Nicholas, napansin niyang nakatingin lang ang director sa hawak nitong report. Mukhang hindi nito napansin—o pinansin—ang nangyari.

Tsk. Wrong move na naman ba siya?

I hardly gave him a good impression with that one, naisip niya.

Natapos ang meeting.

Tumayo na ang karamihan. Ang iba, iniligpit ang kanilang mga notebook, ballpen, ID. Ang iba, nag-check ng cellphone for messages. Ang isa, ang lalaking nanita kay Margaret kanina to be specific, ay tumingin lang sa kanya nang masama bago lumabas ng conference room. Si Nicholas naman ay naglakad na palapit sa pinto. May kasunod itong dalawang bodyguards.

Tumayo na rin si Margaret. Iniligpit niya ang mga notes at gamit. Tinatanggal pa lang niya sa saksakan ang mga ginamit na devices sa meeting nang may kumalabit sa kanya.

Paglingon niya, nakita niya si Nicholas sa tabi niya.

“You did great. Thanks, Maggie,” sabi nito, at ngumiti sa kanya bago tuluyang lumabas ng kuwarto.

Maggie? Wasn't that the ridiculous nickname he'd called her that summer? Ibig sabihin...?

Naalala siya nito. Pati kaya ang ginawa niya, naalala rin ng lalaki? Or was the memory hazy? Malabo na?

Sa palibot niya, halatang curious ang ilan sa mga supervisors, managers at team leaders tungkol sa kanilang dalawa. Kung paano at saan sila nagkakilala ng amo. Ang iba, lumapit pa talaga sa kanya para tahasang itanong kung, “Magkakilala ba kayo?”

She was only saved from the looming awkwardness of the moment and the questions nang tawagin siya ng immediate superior niya. Nakasilip ito sa pinto.

“In my office, Margo. Now,” sabi nito.

“Yes, Ma’am,” kinakabahang sagot niya.

Iyon ang tawag nito sa kanya dahil iyon ang ginamit niyang palayaw simula noong magtrabaho siya.

Margaret was too long. Margo sounded sensible. Reliable. Practical.

Why not Maggie?

Masyadong informal ang dating niyon, parang hindi professional. And it was not because the nickname reminded her of a man with long legs who liked to sleep on trees.

Speaking of professional, ano kaya ang kasalanan niya para seryosong tawagin ng kanyang boss?

Kumatok muna siya sa pinto ng opisina nito bago pumasok. She stepped inside and found herself face-to-face with a grinning Nicholas del Lupo.

“So, you’ve been here for six months,” bungad nito.

“Yes, Sir,” ani Margaret sabay tango.

Magkaharap na sila noon sa mesa nito. May hawak si Nicholas na folder. Hindi mahirap hulaan na personnel file niya galing sa HR ang hawak nito.

What's this, tanong niya sa sarili, an interview? Or an interrogation before he tosses me out on the streets?

At bakit siya nito ipatatapon sa labas? Binato lang naman niya ito sa ulo, di ba?

Saka hindi niya ito tinamaan, sa pagkakaalala niya. At ilang taon na rin iyon. In her defense, inakala niya kasing trespasser talaga ang lalaki. Kung hindi lang niya ito kaharap, siguro napangiwi na siya sa alaala.

Grabe. Ganito ba ang karma? Anim na taon na, hinahabol pa rin siya?

“And within that period, you’ve managed to train yourself around the office pretty well.”

Ano ang isasagot niya roon? Was she supposed to make a comment?

Ah, kasi gusto ko talagang mag-O.T. every night without pay, matuto lang ako ng all-around technical skills sa office. Parang hindi iyon tama.

“Sir,” ang tangi niyang naisagot dito. Sir na

naman. Sir.

Sir, sorry dahil hinagisan kita ng bato six years ago. Hehehehe.

Madadala kaya niya ito sa biro?

“It says here, nasa college ka pa pero accelerated. So by eighteen, ga-graduate ka na. Dalawang taon na lang ’yun. What are your plans by then?”

“Sir?”

Hindibaitoangplanoniya? Angmakapagtrabaho? Ang totoo, plano niyang maka-graduate muna. Pero hindi naman siya nahirapang pagsabayin ang pag-aaral at paghahanap-buhay. Kaya heto siya. Ano pa bang ibang plano ang dapat na mayroon siya sa buhay? Mag-artista? Tumakbo sa politika?

“Ah, Sir, okay na po ako sa trabaho ko dito.”

“So, wala kang balak magtrabaho sa ibang bansa.” Kalahating tanong lang iyon.

Oh. *That*. Kahit taong-lobo sila, maraming branches at companies ang *del Lupo* worldwide. So, yes, posible nga siyang makakuha ng trabaho roon. Pero...

“Wala, Sir.”

“Why?”

“Nandito lahat ng pamilya ko. Dito lang ako sa Pilipinas magiging masaya.”

“I see. Ano’ng masasabi mo about Mr. Manuel?”

Mr. Manuel? Ah, iyong manager na masungit sa kanya kanina sa meeting?

Nyak.

“Sir, I think, with a few minor adjustments, his report could be comprehensive enough, but his attitude leaves a lot to be desired.”

“You mean his personality sucks.”

Should she agree? Hindi naman niya nilait iyong manager. Naging honest lang siya sumagot.

“The HR consultant wrote in your file that you have impressive technical skills. Can you talk about that?”

Shucks. Ini-interview nga siya nito.

Pinagpawisan si Margaret. Para saan ba ito?

Don’t panic. Huwag kang kabahan.

Talaga? Nakalagay iyon sa file niya? Impressive technical skills? Sino siya, si *Iron Man*? Kayang

gumawa ng robot sa kuweba? Uutusan ba nilang magkumpuni siya ng bulldozer sa *EDSA*?

“Ah, Sir, I know how to operate the machines around the office, the scanners, the—”

“In short, para kang office secretary?”

“Well, yes, Sir.”

Simula noong dumating siya sa opisina bilang intern at ngayon, bilang production assistant, siya ang taga-asikaso ng paperwork ng mga production departments dahil sa kanya ito ipinapasa ng boss niya.

Hindi siya nagreklamo sa extra work, kahit wala iyon sa kanyang job description. Tingin niya roon, mas nabigyan niya ng training ang sarili kaya okay lang. Parang part-time work na rin niya. Without pay nga lang.

“I checked the paperwork that this branch submitted since you started working for the company. That’s actually why I’m here.”

“Sir?”

Ano ang ibig nitong sabihin? Na may mali sa paperwork ng branch nila? O na nalaman nitong siya ang tumatapos ng mga paperwork? Na malamang

bawal kasi trabaho ng immediate superior niya iyon?

“For a year now, incomplete and disorganized ang paperwork na nanggagaling sa branch na ito. We’ve had our suspicions and we’ll be taking care of that problem soon.”

Sa pagkakasabi nito ng ‘taking care of the problem soon,’ parang naramdaman ni Margaret na hindi maganda ang magiging ending niyon para sa immediate superior niya.

“What I’m saying is,” patuloy ni Nicholas, “for about half a year now, pulido na ang reports na ipinapasa ng branch na ito. Maayos na ang paperwork. At kapansin-pansin na iba ang tone, ang quality. Kahit nakatatak ang pangalan at signature ng boss mo, I was sure na iba ang gumawa. Then, I saw some of your reports.” Medyo lumaki ang mga mata ni Margaret narinig. “Then, I went looking for your other reports.” Lalong lumaki ang mga mata niya. “Now, I’m certain na ikaw ang nagha-handle ng paperwork dito.”

Okay. Nakamulagat na si Margaret.

“Sir...” Mabuti na lang, napaka-convenient ng salitang iyon.

Wala kang maisip isagot? Sabihin mo lang ang

salitang iyon na may tatlong letra.

Wala kang maikomento kahit obvious na naghihintay ng reply ang kausap mo? Say *sir*.

Wala kang masabi sa tungkol sa problemang binabanggit ng boss tungkol sa trabaho? Ulit-ulitin mo ang pag-address sa kanya.

“So, would you like to work for me?” derechong tanong nito.

“Sir?” What? Trabaho? Para kay Nicholas del Lupo?

Oh. Why, *yes*, she would like that. Pero teka, bilang ano?

“You’ll be part of my secretariat team. As marketing director, my office generates a lot of paperwork. That’s something I believe you handle very well. You’ll fit right in. And it would be great training for you,” pahayag nito.

Huh? *Yes! Yes! Yes!*

But wait! Bakit naman siya ang pipiliin nito? Ano ang catch? May papatayin ba siya para makuha ang spot na iyon? Gaano kahirap ang interviews at test? Hiring exam for four days? Anong klaseng HR tortures ang kailangan niyang pagdaanan?

“Yes, Sir, I’m interested. I will be happy to wait for the schedule of the hiring exams and interviews for the position.”

“That’s good. ’Cause you’ve passed the test. And we’ve just concluded the interview.” Nagsabi si Nicholas ng salary figure that was large enough para lumaki uli ang mga mata ni Margaret. This time, sa gulat.

Oh. *My*. Mabuti pala nakaupo siya.

“So, do you have any other questions?”

Well, isa lang. Isa lang ang tanong ngayon sa isip niya. Bakit siya?

Hindi siya naïve to think she was brilliant. Masipag siya. Matalino. But she was no Einstein. Hindi siya genius. Magaling lang siya sa paperwork. Iyon lang.

In reality, maraming mas qualified kaysa sa kanya. For crying out loud, undergraduate pa lang siya. At kahit hindi naman VIP position ang offer, para sa kanya, ganoon ang katumbas niyon.

And the perks? It was a chance to work with him, who was said to be a genius in his field.

It was also a chance to have her work

acknowledged. Dahil, so far, bilang production assistant, lahat ng ginagawa niyang paperwork na extra, sa pangalan ng boss niya napupunta.

“Sir? Why me?”

“You don’t know? Because you’re efficient. You deliver results. You’ve been doing that for months now. I’ve been watching you. It’s time you get a spot on the team. Nasa iyo na ’yun if you’ll stay, or if you’ll get kicked out during the probationary period. Understood?”

“Yes, Sir. Thank you, Sir.”

“Don’t thank me. Just don’t make me regret my decision.”

Nagbigaypaito ng ilang instructions. Pagkatapos, tumayo na si Margaret para magpaalam. Nasa pinto na siya nang magsalita uli si Nicholas.

“Are you still armed these days?” tanong nito.

“Sir?” *Ano raw? Armed? O may arms daw ba siya? And was that a gleam in his eye?*

“The last time we saw each other, you tried to bash my brains with a rock. So tell me, naglalagay ka pa rin ba ngayon ng mga bato sa bulsa mo?”

Confirmed. Pinagtatawanan nga siya ng lalaki.

“I’ve found out that staplers, punchers and other office supplies work just as well. Sometimes, even better. Sir,” seryoso ang mukha na sagot niya.

Tumatawa pa rin si Nicholas hanggang sa makalabas si Margaret ng silid.

Pagkatapos ng meeting na iyon, sumunod agad ang transfer niya sa main office, sa marketing department ni Nicholas.

And at eighteen, naka-graduate na siya ng kolehiyo. Online degree ang kinuha niya para flexible at maisabay niya sa trabaho ang pag-aaral.

A year later, Nicholas del Lupo was promoted by the board and council as CEO.

From Marketing Director to CEO, iisa lang ang isinama ni Nicholas sa paglipat sa executive office: si Margaret.

Nang tanungin niya ang binata kung bakit siya ang pinili nitong executive assistant, considering na maraming mas qualified, mas willing at mas experienced para sa posisyon, tumingin lang ito nang matagal sa kanya bago sumagot.

Midnight Sweetheart - Tabitha Luna

His eyes had been shadowed then. And he had looked far too serious.

Hindi niya alam kung paano ito iha-handle sa ganoong mood. Hindi siya sanay na makita itong seryoso. For the last three years na nagtrabaho siya para rito, lagi lang niya itong nakikitang nakatawa o nagbibiro.

Bago pa niya mabawi ang tanong para makaiwas na lang sila pareho sa isang awkward na sandali, Nicholas shook his head and shrugged.

Ngumiti ito. And with that smile, he'd become the charming, silly and exceptional boss again. The man she had worked for all this time.

“I can't leave you behind! How can you ask that? Ano'ng gagawin ko without my Maggie?”

4

Three Years Later...

“Ano’ng gagawin ko without my Maggie?”

Ano nga, indeed?

Ano nga ang gagawin ni Nicholas kung wala siya? naisip ni Margaret.

Ewan kung may maibigay na report ang team nang wala siya sa tabi ni Nicholas—telling him to sign this, urging him to read that, imploring him to work, asking him to be *there*. Katulad ngayon. Dahil late ito. *Ulit.*

It didn’t help na ilang babae na ang dumaan sa office ni Margaret ngayong umaga. But that was normal—kung ang CEO ng kompanya ay isang Nicholas del Lupo.

Siguro kung magkahiwalay ang mga opisina nila, mas makakapagtrabaho siya nang matiwasay at walang istorbo. Pero nakadisenyo ang office nila sa paraang hati sila sa espasyo ng kanyang boss.

And the space was plenty. Malapit sa pinto ang kanyang desk. From there, she had a good view of

the CEO's desk.

This way, nakikita ni Margaret si Nicholas at all times. Alam niya kung natutulog lang ito, naglalaro ng computer game o genuinely nagtatrabaho.

For private discussions, there was the conference room beside the office that the CEO used. But for everything else, sa office—sa office nila ito naglalagi.

Sa isang araw, maraming babae at lalaking empleyado mula sa iba't ibang departamento ang dumadaan sa executive office.

Kesyo maghahatid daw ng report o memo to the CEO (na puwede namang idaan through other communication channels tulad ng email, instant messaging, video conference, etcetera), na kailangan daw ng mga ito ng signature ng boss, na baka hindi nakarating iyong email, kesyo gustong personally asikasuhin ang paperwork.

Siyempre, fully aware si Margaret na lahat ng iyon, style lang ng mga ito to get a chance to see the boss, maybe even flirt with him—kung babae.

And why not? The CEO was a notorious flirt so. He would never disappoint the ladies. Ang kaisipan na titigil din si Nick del Lupo sa pagiging playboy at flirt pagdating ng panahon ay katawa-tawa,

sigurado si Margaret na kapag nangyari iyon, end of the world na ang susunod.

Still, all those women wanted and hoped for the same thing: na sila naman ang personal na asikasuhin ni Nick del Lupo.

Over the years, simula nang napasok siya sa Marketing Department at naging assistant ni Nicholas, marami na siyang nakitang babae na sumubok na makuha ang ganoong atensyon buhat dito.

So far, wala pang nagtagumpay. Pero mukhang walang nasisiraan ng loob sa lahat ng naghahangad. Parang order pa rin ng iced tea ang mga babae pagdating kay Nicholas: bottomless. Walang katapusan.

At sa opisinang pinaghahatian nila, ang kahulugan niyon ay walang katapusang parada ng mga skintight blouses, low-cut o plunging necklines, at tiny, tiny miniskirts. At maging thigh-high boots.

Masyadong mainit para mag-boots sa Pilipinas, lalo na kung summer. Siguradong pinagpapawisan lagi ang mga paa ng nagpapapansin kay Nick na nagsusuot niyon.

And everybody knows sweaty feet are smelly feet,

anang isip ni Margaret.

At sigurado siya, major disadvantage ang smelly feet if you were set on winning the attention—not to mention the heart—of one of the country’s most gorgeous bachelors.

Then again, marami namang pulbos para pampabango sa paa. Should that fail, marami ring beauty clinics. Except, why bother?

Kung hindi ka matanggap ng isang tao dahil lang may amoy ang paa mo, better find someone else, di ba? Ang amoy sa paa, nawawala. Pero ang personality, hindi.

Constant iyon. Kaya kung kayo talaga, irrelevant kung mabaho ang paa mo o hindi. That’s love.

Iyon ang laging point ni Margaret. Kaya the more na nakikita niya kung paano nagko-compete ang mga babae para sa boss niya—the clothes and the shoes, the legs and the cleavage—the more din siyang nadidismaya.

Simple lang naman ang sagot: kung tama ang timpla, kung sila talaga, they shouldn’t be trying so hard. Di ba?

Kung para talaga sila sa isa’t isa, di sana, dati pa

nag-click na. Di ba?

Pero ano ba naman ang alam niya sa pag-ibig? Hindi siya expert. Wala pa nga siyang nagiging boyfriend ever. So puwedeng may mali sa logic niya.

Still, kung naglilista at naniningil lang siya sa mga empleyado pagdating sa uniform violations, puwede na siyang mabulag sa amount ng cleavage at hita na nakikita niyang naka-display on a daily basis. Siguro rin, kasing-laki na ng kita ng isang crime lord ang na-accumulate na multa. Milyon na rin siguro naitabi niya sa bangko, kung sakali. Baka nga higit pa. Baka nakabili na siya ng sarili niyang bahay at lupa. Nakapagpatayo na siguro siya ng isang grocery (para doon na lang siya kukuha ng mga kailangan niya sa kusina).

Margaret was thinking of all these things nang bumilis ang pulso niya. Natigilan siya. Sandaling sumikip ang kanyang paghinga.

Hindi niya maipaliwanag kung ano o paano, pero ilang taon na rin itong nangyayari sa kanya. Limang taon na, to be exact. Sa kung anong hindi niya maintindihan o maipaliwanag na dahilan, she could always tell when a person, this particular person, was close.

Na parang alam ng bawat cell at particle niya sa katawan kapag malapit siya rito. Ayaw niyang isipin na may physical o mystical connection sila kaya nararamdaman niya tuwing nasa paligid si Nicholas. But over the years, she seemed to have developed a heightened awareness of him. Para siyang may built-in radar. Sixth sense.

Was that freaky? Strange?

Not for Margaret. Sa tingin nga niya, mas nakatulong pa iyon sa trabaho niya. Lagi niyang hinahanap ang kanyang boss kapag may kailangang reports na pirmahan, dokumento na kailangang ipasa for review o files na kailangang ma-revise na bago ipasa sa board of directors ng kompanya.

Sa paghabol niya kay Nicholas araw-araw, kahit siguro sino ang ilagay nila sa posisyon niya, magkakaroon din ng ganoong heightened awareness sa binata. Kung hindi, hindi sila magtatagal bilang personal assistant nito. In fact, they would not survive him. At all.

Somehow, that thought cheered up Margaret. It meant, hindi lang basta kung sino ang puwedeng gumawa ng trabaho niya. Ibig sabihin, mahalaga siya. Ibig sabihin, he needed her in a way he had never needed all the other women in his life.

Sinilip niya ang oras sa suot na relo.

Pagkatapos, tumingin siya sa pinto. Kinuha niya ang security report na may 'Confidential' sa envelope. Wala pa siya sa kalahati ng first paragraph ng report nang bumukas ang pinto.

And he stepped into the office, all six feet plus of him. Tall, rugged, handsome.

Great cheekbones? Check. Straight nose? Check. Pati almond-shaped eyes, check.

Bakit kaya almond? Hindi puwedeng wide eyes na lang? Hindi puwedeng malaking mata?

Every time may nagsasabi ng almond-shaped eyes, ang naiisip ni Margaret ay isang alien. Hindi ba kahugis din ng almonds ang mga mata ng aliens sa mga palabas sa TV at pelikula?

But in this case, Margaret felt sakto lang ang description. Almond eyes. Hugis ng almond. At madalas, kakulay rin niyon. The man had the brownest eyes she'd ever seen on anyone. At tuwing tinatamaan ng liwanag, the colors would often change and shift to gold.

She glanced at the man standing at the door. As usual, nakatali na naman ang kulot na buhok nito

na hanggang balikat.

At kahit alam niyang bahagi ng routine ng boss niya na mag-ahit sa umaga, it just never seemed to be enough to get rid of the stubble along his jaw, over his upper lip and along his chin.

It gave him a ruffled look. And she liked the ruffled look on him so she never said a word, never said how unprofessional it looked. Kahit madalas, mas mukha itong pirata kaysa CEO dahil sa stubble nito.

Was it because they were werewolves, kaya may appeal ang facial hair sa kanya? Was it cultural—sa ideya na hindi completely polished or not entirely civilized ang boss niya—kaya gusto niya ang stubble nito?

Because if she followed that logic, dapat attractive din para sa kanya lahat ng lalaking sa mundo na may stubble, di ba? Pero alam niyang kay Nicholas lang siya talagang nagaguwapuhan.

Was it the man then that she liked, stubble or no?

And it was certainly no help that he had the body of a male model. Kawangis ng sa Greek god ang katawan nito—broad shoulders, strong arms

and legs. Muscles...

You will not entertain that thought any further, saway niya sa sarili.

It was totally unprofessional. It wasn't something an employee should feel for her boss.

Sumara ang pinto sa likuran ni Nicholas. Gray ang long-sleeved polo na suot nito. The sleeves were folded up to his arms. Pink tie. Gray slacks and black leather shoes completed the outfit. Nakasabit sa balikat nito ang isang charcoal sports coat. All in all, he looked...

Good?

Irresistible?

Just the sexiest man alive?

The same, pagtatapos ni Margaret. He looked like her boss of six years. Iyong laging late kung dumating sa meeting. Laging may babaeng kasama (Teka, siya iyong babaeng laging kasama nito, di ba?).

Fine, ito iyong laging may *ibang* babaeng kasama, kaya nga siguro laging late kahit saan magpunta. Ito iyong laging nakakalimot ng reports o nakakawala ng mahahalagang dokumento sa parking lot.

At ang pinaka-issue para kay Margaret ngayon, ito iyong boss na hindi nagpasa ng budget review last week. Kaya nagpatung-patong na ang deadline ng office nila ngayong linggo.

Baka five hundred years pa bago maipasa ni Margaret ang mga reports kung hindi pa niya ito mapapirmahan kay Nicholas agad.

“Good morning, Maggie!”

“Sir,” sagot niya. “It’s already four minutes to 3:00 pm. I don’t think anyone can call that *morning* anymore, Sir.”

“So strict, Maggie! What have you got for me today?”

He walked toward the wide sofas in the middle of the room and tossed the coat casually over the pillows. Pagkatapos, nag-inat-inat ito at lumapit sa mga pader na salamin overlooking the city.

Ibinalik ni Margaret ang atensyon sa binabasang security report.

Maggie, Maggie, Maggie. There it was again. Kahit ilang beses niyang sabihin dito na Margaret ang pangalan niya at mas komportable siyang tawagin na ‘Margo’, panay ang pilit nito na mas bagay ang

Maggie sa kanya.

Years ago, nag-iwan si Nicholas ng *Post-It* sa table niya na may na nakalagay na:

Reasons Why You Should be Called Maggie:

1. *Maggie sounds right (Margo sounds too serious and Margaret is too long)*
2. *Maggie is cute.*
3. *I like Maggie.*

At kahit puwedeng open to interpretation ang second at lalo na iyong last reason nito, she wasn't foolish enough to give it more meaning than necessary. Knowing Nicholas, Margaret was sure that number 3 was just a simple, flirty gesture on his part. Considering na flirt ang boss niya, magtataka siya kung hindi nito gagamitin ang oportunidad para makapagbiro. Ibig sabihin, natural na lang kay Nicholas iyon. Normal. Walang halaga.

To read into his words would be tantamount to taking a wholly insignificant and meaningless act

seriously, personally.

Normal lang na dilaan ka ng pusa kapag mabait ka rito. Normal lang na maging loyal ang asong inalagaan mo. Normal lang kahit na sumipsip ng dugo ang lamok mula sa ibang living creatures. Normal lang dahil lahat iyon, natural inclination nila. That's biology. Nature.

Gaya ng natural inclination ni Nicholas ang pakikipag-flirt.

So bakit niya pepersonalin ang fondness nito? Ginagawa rin nito iyon sa iba.

To focus on it would be useless. And Margaret didn't dwell on useless things.

Still, ilang beses na rin siyang napaisip sa loob ng mga nakalipas na taon kung ang ibig bang sabihin ng boss niya sa 'I like Maggie' ay:

- a. Gusto nito ang pangalang Maggie
- b. Gusto nito ang tao, hindi ang pangalan
- c. Both a and b
- d. None of the above

At 5'3", Margaret was taller than most Asian women. Pero kung itatabi sa half-Pinoy, half-Italian CEO boss niya, who was 6'1", she was tiny. She was seriously tiny.

And she was, at best, lovely but not beautiful. Normal ang laki ng mga mata niya. Normal ang height. Pati cupsize niya, average. Naisip niyang halos lahat ng nakikita niyang naghahabol sa boss niya, puro C and D cups. But why was she comparing herself to those women?

To continue, with her eyeglasses na halos naka-*Mighty Bond* na sa mukha niya, below-the-knee skirts at maluluwag na blouse na puwede nang tent sa circus ng mga elepante, walang nagkakamali na tawagin siyang 'maganda'.

Kaya siguro 'Maggie is cute' ang isinulat nito sa *Post-It*. Hindi 'Maggie is a sexy thing'. Hindi 'Maggie is a sugah babe'. O iba pang posibleng variations on that same theme tulad ng 'Maggie is dropdead gorgeous'.

Cute.

Hindi siya stuffed toy para tawaging cute. Hindi rin siya hamster o panda o bata para sabihan niyon.

Then again, matagal na ang note na iyon sa

Midnight Sweetheart - Tabitha Luna

Post-It, noong unang taon pa niya ng pagtatrabaho para kay Nicholas. She was sure it meant nothing.

And sometimes she found herself asking kung bakit itinatago niya pa ang *Post-It* na iyon sa drawer niya gayong *nothing* naman iyon? Kasama ng marami pang *Post-Its* galing kay Nicholas over the years.

Post-It #34: That blouse looks good, is it new?

Post-It #55: Maggie, good morning!

Post-It #87: Happy Birthday, Sweetheart!

Pinagsasama-sama niya lang. Parang koleksyon ng mga *Post-Its*. Para organized. Para madaling itapon.

Someday.

Kasi galit siya sa kalat. Ayaw niya ng makalat. Ayaw niya talaga ng makalat. And what better way to organize her life, to destroy the kalat, than to keep those pesky *Post-Its* in a book, in her drawer?

Di ba?

5

Standing before the glass panels, mukhang relaxed na relaxed si Nicholas. Tila masayang-masaya sa buhay. Walang problema. Stress-free.

Paano, na kay Margaret na lahat. Sinalo na niya lahat-lahat ng stress.

Nag-inat-inat pa ito nang ilang ulit bago lumingon sa kanya. Alam niyang nakangiti ang binata. Alam niyang hindi rin ito titigil hanggang hindi siya tumitingin dito.

Finally, inihinto niya ang pagbabasa ng report. She turned to face him. Nakataas na ang isang kilay niya. Her mouth was set in a firm line at alam niyang disapproving ang kanyang expression. Alam niyang alam nito that she was not a happy camper.

“Still so serious ngayong hapon, Maggie? What can I do for you, my dearest?” nakangiting tanong nito.

“Work, Sir. You may work,” magkasalubong ang mga kilay na sagot niya. Sa kakakunot ng noo niya, hindi malayong magka-wrinkles na ang buong mukha niya. Pati ilong niya, pati tainga. Pati anit

niya...

Really, she was only twenty-two years old. Pero pakiramdam niya mas matanda pa siya sa one hundred years old na Dalai-Lama. At this rate, baka nga mas makinis pa ang noo ng elepante sa noo niya kapag thirty na siya.

Tsk.

“You look tense, Maggie. Stressed? Ah, gusto mo ba ng exotic shoulder massage? I learned this n’ung magpunta ako sa Hokkaido,” sabi ni Nick, akmang lalapit sa kanya.

His expression was innocent enough but there was a look, a gleam, in his eyes. She didn’t trust that gleam.

Natutunan na niya, over the years, na kapag ganoon ito tumingin, may balak itong gawin na ayaw niya, na makukunsumi siya at matutuyo na naman lahat ng dugo niya sa katawan.

And really, ano ba ang exotic sa shoulder massage? Gagamit ito ng exotic oil para ipahid sa balat niya? O baka naman ng bato na pang-iskoba para matanggal ang mga dead skin cells niya sa balikat?

Exotic 'yun? Sheesh!

“Sir, unless gusto mong i-stapler ko ang mga daliri mo sa report na 'to, I suggest you keep your hands and your exotic techniques to yourself. Firmly. To yourself.”

“That’s perfectly all right, Maggie. Kung ayaw mo ng shoulder massage, maybe on some other body part then, hmm? I think relaxing din ang thigh massage. Do you want me to demonstrate that?”

“Demonstrate that, Sir, at abo na lang ng ipin mo ang makikita nila after I set you on fire.”

“Set me on fire? Hmm, I kinda like the idea.” Tiningnan niya ito nang matalim at medyo sumeryoso ito. “Ang aga naman ng punishments today, my Maggie! Are you okay? May problema ba?”

“Dahil today, Sir, *today* ang deadline ng budget reviews. And your review is still gathering dust on your desk. Sir.”

Hindi naman vase 'yun o pang-display sa desk para paulanan mo lang ng alikabok.

Saka niya ito tiningnan ulit nang masama. Anyone else would feel threatened.

Sa tatlong taon niya bilang executive assistant ni

Nicholas, ilang newbies at rookie employees na rin ang napaiyak ni Margaret sa ganoong tingin at tono ng boses niya na kung ita-translate would mean, ‘*I mean business, you lowlife. Don’t mess with me.*’

Kahit mga senior members ng department, umiiwas sa kanya kapag ganito ang mood niya. Kapag naghahabol siya ng deadline.

But it never seemed to work on her boss. Kung ang iba natutunaw sa takot, tila immune si Nicholas sa death glare niya. At madalas, kahit anong sungit o galit sa tono ng boses na ginagamit niya rito, parang hindi nito napapansin.

O hindi pinapansin?

The lowlife.

“But, Maggie! Napakaganda ng araw ngayon! And I have plans! Gusto ko sanang magpunta tayo sa *El Grande*. Sayang naman kung maghapon lang tayo sa office!”

Ang tinutukoy nito ay ang isa sa mga beach resorts ng mga del Lupo sa Batangas.

“Just think! Napa-relaxing ngayon sa pool. Sa beach! Saka, it’s Friday! As CEO, I have a responsibility to make sure my employees enjoy their Fridays.”

Aba, at naisip pa nitong mag-relax sa beach, kahit bundok-bundok na ang mga trabaho sa mesa nito?

Over her dead body! Lalangoy muna ang boss niya kasama ng mga pating at piranha bago niya ito hayaang makatakas at makapag-happy-happy sa beach. Walang magsasaya hangga't hindi natatapos ang lahat ng dapat tapusin.

“Sir, if we both work now, I can still end up enjoying my Friday. If we work. Now, Sir. Now na,” aniya sabay titig niya rito na naniningkit ang mga mata.

Death glare Version 2.0

Still no effect.

“But, Maggie! Hindi habang-buhay makakapag-enjoy tayo sa beach. We must do the best we can with the time we have!”

Palibhasa matanda ito sa kanya ng walong taon kaya siguro mas ramdam nito ang pagtanda. For a moment, she felt mean for thinking that way.

Over the years, napansin niyang sensitive si Nicholas sa age difference nila. It wasn't something na obvious sa iba, pero kilala niya ito. She knew

when things bothered him. And this one did.

Kaya imbis na sabihin iyon, iba na lang ang kanyang isinagot dito. “And we are going to do that, Sir. Kapag natapos natin ang lahat ng paperwork na kailangan today.”

“But by the time we finish, wala nang araw. Tapos na ang Friday. Hindi tayo dapat nagkukulong sa office kapag Friday. Fridays are for fun!”

“And whose fault is that, Sir? Kung natapos mo lang ang mga reports na ito last week, hindi sana tayo nagmamadali ngayon,” masungit na sagot niya.

“My, my. Maybe, I should—” *Just step out, get out of your way, make myself disappear, etcetera.* Halatang-halata sa mukha ni Nicholas na tatakas na naman ito. Pasimple itong lumapit sa pinto.

Oh, no. You're not getting off the hook that easily.

Maggie pushed her chair back from the desk. Dahan-dahan siyang tumayo.

“Stop.” Pinandilatan niya ito. “Right.” Umigkas ang isang kilay niya. “There.” She folded her arms beneath her breasts.

“Yes, Maggie?” Nakangiti pa rin si Nicholas sa kanya.

It was difficult to intimidate a man you'd known since you were a child. It was especially difficult to intimidate that man when he's your boss and one of the most powerful werewolves around.

He was faster, stronger and cleverer than most werewolves she knew. Kaunti lang ang kapantay nito, in terms of physical and mental strength. Kasama na roon ang nakatatandang kapatid nitong si Devin.

But Margaret was nothing if not resourceful. Hindi man niya kayang bumutas ng puno sa isang suntok, o manalo laban sa sampung rebeldeng werewolves na rabid at out to kill, maparaan naman siya. She had her own way of dealing with her boss.

Kailangan lang ng creativity para mapagtrabaho niya ito. On a Friday.

For Nicholas, laging bahagi ng long-weekend ang Friday. Madalas itong sumama sa mga drinking parties at dancing at bowling at kung anu-ano pa, kapag nagkayayaan ng mga babae o pamilya nito.

So it was always up to Maggie para makaisip ng paraan para pumasok si Nicholas tuwing Biyernes.

“I swear, Sir, if you so much as step a toe out of this office without finishing that pile of paperwork on your desk—”

“Yes, Maggie? Ano’ng gagawin mo?” His voice had dropped into a rough whisper.

Really, how could he turn a perfectly innocent question like that into something dark and not entirely respectable? The man had talent, all right. Sagad-sagad na talent.

Sa pagiging outrageous. Sa pagiging frustrating. Sa pagiging source ng wrinkles niya.

“Sir, ibebenta ko ang lahat ng *Iron Man* souvenirs, cards, comics at iba pang memorabilia na kinokolekta mo. I know where you hide them. I’ll make each and every single one down to the last item... disappear,” seryosong banta niya.

“Maggie!” shocked na sigaw nito. “Those are first editions! Alam mo ba kung gaano katagal kong hinanap ang mga ’yun?” His expression was a mix of horror and hurt.

“Of course, I know. After all, ako ang inutusan mo para bilhin ang mga ’yun, Sir.”

Nagtinginan sila. Magkasalubong pa rin ang mga kilay niya. Talagang iritado siya at handa siyang totohanin ang banta niya. Nicholas was doing his best to appear wounded and distressed.

Maybe he thinks maaawa ako sa kanya, ani Margaret sa sarili. No way. If she backed down now, he'd think he could do this again in the future.

The other time na nagkagulo ang paperwork nila sa office nang ganito ay noong minsang magkamali si Nicholas na dalhin sa office ang birthday fireworks na nabili nito mula sa Bulacan.

At sino, in their right mind, ang nagpapa-fireworks kapag birthday ng pusa nila? Sino? *Outrageous man.*

Fireworks that, in the course of the evening, he ended up igniting—by accident, ayon dito. The resulting explosion had been responsible for the loss of paperwork na hinabol ni Margaret for weeks.

Hindi week. Hindi singular. *Weeks.* Ibig sabihin, ilang linggo ng buhay niya iyon.

Isang buwan pagkatapos niyon, nawala ang isang kahon ng brandy at alcohol ni Nicholas sa office. Mysteriously. Kahit isang patak ng alcoholic drinks, walang natira. And Nicholas was extremely fond of alcoholic drinks.

“Maggie! My brandy! My cognac! My vodka! They're not here! They're all missing!”

“Baka kasamang sumabog nang magkagulo dahil sa fireworks na dinala mo, Sir.”

“What? No! I saw to them myself. Siniguro kong walang alcohol na tatamaan ng apoy. Otherwise, baka wala na tayong office! I saved the office!”

“Yes. You saved it. From the fire. Na ikaw rin ang may gawa.”

“Well, hindi naman ako exactly ang gumawa. The fireworks were responsible for the fire, Maggie.”

“You were the owner of the fireworks. Is that statement not accurate? Sir?”

“Ah, well, yes, Maggie. Pero—”

“At binili mo ’yung mga paputok because it was Yuki’s birthday.”

“Why, yes, Maggie. Yuki is turning three years old this—”

“And you, Sir, are the owner of that cat—”

“I don’t know if you can ever really own a cat, since napaka-independent creatures nila. Why, n’ung isang araw lang—”

“Silence.”

“But, Sweetheart—”

“Sir. Pag nangyari pa ito, hindi lang alcohol mo ang mawawala. So when you get the urge to buy another box of fireworks, take all the time you need. Magdalawang-isip ka, tatlo o apat—I really don’t care how many it would take—basta, wala nang susunod. Basta, hindi na ito maulit—”

“Pero, Maggie, it was an accident! Wala namang may gusto ng aksidente—”

“Hindi na—”

“Pero Maggie—”

“Ever.”

Granted, hindi nito kasalanan.

Hindi sila naghahabol ngayon ng paperwork dahil may nasunog o naiwala na namang mga files ang boss niya na kailangan nilang ulitin.

Mas may kaugnayan iyon sa dumaraming reports na may rebeldeng grupo raw ng mga taong-lobo. Hindi pa sila sigurado kung ano ang pakay ng grupo pero alam ni Margaret na doon nakatuon ang pansin ni Nicholas ngayon kaya hindi nito naaasikaso ang mga kailangan sa opisina.

At kung tutuusin, maliit na bagay lang ang budget review. Ito na lang ang urgent na hindi pa natatapos ni Nicholas.

Margaret knew that *she* was the problem.

She was distracted. Lately, hindi siya makapagtrabaho nang maayos. Lagi siyang nawawalan ng konsentrasyon.

Maybe I need a vacation, isip niya.

But knowing her boss, siguradong sasama ito. Or worse, susunod. Tulad din ng ginawa nito in the past, nang iilang beses siyang mag-leave para magbakasyon.

Thereby rendering her leave totally useless.

Giving up the wounded at paawa expression—no doubt realizing na hindi siya makukuha ng mga paawa effect nito—ngumiti na lang si Nicholas sa kanya.

“You’re right, Maggie! Absolutely! Masyadong mainit ngayong hapon para magpunta sa *El Grande*. At ang layo-layo nga ng Batangas! Tama, it’s better for us to stay here in the office,” sabi nito. Tumawa pa ito nang marahan bago umupo sa desk ng CEO.

“Not just to stay, Sir, but to work,” sabi niya.

Diniinan niya ang bigkas sa huling salita.

When he glanced up at her with a smile, tinaasan niya lang uli ito ng kilay, bago niya tinapunan ng makahulugang tingin ang patong-patong na files sa desk nito.

The smile on his face got even wider. Blinding smile, pang-toothpaste commercial.

Really!

Minsan, Margaret had a feeling na nag-e-enjoy ito tuwing nakukunsumi siya.

Thankfully, he took the hint. Sinimulan nitong basahin ang mga files sa desk.

Finally. Some peace.

Huminga siya nang malalim bago naupo. Binalikan niya ang security report.

Ilang sandali ng katahimikan ang namayani. Too good to last. Mayamaya nga, nagsalita na naman ang boss niya.

“Do you really know where I hide all my *Iron Man* stuff?”

“Sir—” *Die!*

Midnight Sweetheart - Tabitha Luna

Hindi na ito muling nagsalita.

Unti-unting lumiit ang bundok ng trabaho sa desk ni Nicholas. Tumaas ang 'Done' pile nito sa tabi.

Walang-tigil din sa pagtatrabaho si Margaret para matapos na ang lahat ng nasa mesa niya. Kahit sa totoo lang, malayo pa ang deadline ng iba roon.

Ilang oras din ang dumaan. Hindi na niya namalayan ang pagpanglaw ng hapon sa labas.